

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 26 October 27-November 2, 2025 P10.00

Para sa danyos at pananagutan sa klima...

MGA NAKALIGTAS SA SUPER TYPHOON ODEETTE, MAY HINAING SA SHELL

IPINAKITA nina Greenpeace Philippines Jefferson Chua at Atty. Ryan Roset, senior, legal fellow, ng LRNRC, ang mga hinaing kaugnay ng sinapit ng nakaraang Bagyong Odette sa isang press conference. (REY NILLAMA)



IPINALILIWANAG ni Greenpeace Philippines Jefferson Chua ang nauugnay sa tamang perspektibo kung paano dapat makamit ang katarungang pangklima. (REY NILLAMA)



President Ferdinand R. Marcos Jr. joins MPIC and Metro Pacific Tollways Corporation Chairman Manny V. Pangilinan and SMC Infrastructure Chairman and CEO Ramon Ang with Acting Transportation Secretary Giovanni Lopez and TRB Executive Director Jose Arturo "Jay Art" M. Tugade at the launch of the "One RFID, All Tollways" program for all Luzon expressways.- **story p.4**



RSTL Attends Training on Nutrition Labelling and Quality Control Programs for Regional Labs- **story p.7**



Davao LGUs explore DOST Balik Scientist's AI solutions improve traffic, urban mobility- **story p.7**



Dakak Hosts the First-Ever Mi Ultimo Amor Bridal Expo in Northern Mindanao: A Grand Celebration of Love, Heritage, Fashion, and Creativity – **story p.7**



Inventor Edgardo Vazquez Honored Among 2025 Exemplary Senior Citizens- **story p.7**



Matagumpay na Lakbay Aral ng CARD Bank sa Oriental Mindoro- **story p.5**



ANG tradisyonal na nakagawiang pamimili ng bulaklak kung saan ay dagsa sa pamilihang Dangwa sa Sampaloc, Manila kaugnay ng paggunita ng Todos Los Santos. (REY NILLAMA)



Kenneth Calma proudly receives his diploma and Magna Cum Laude medal from Pampanga State University, joined by his supportive parents, Rosito and Reyna Calma — a powerful testament to perseverance, hard work, and the unwavering support of family.- **story p.3**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

Para sa danyos at pananagutan sa klima... MGA NAKALIGTAS SA SUPER TYPHOON ODETTE, MAY HINAING SA SHELL

MAGHAHAIN ng kaso sa United Kingdom ang mga nakaligtas sa Super Typhoon Odette laban sa malaking kompanyang langis at gas ng Britanya na Shell dahil sa diumano'y papel nito sa pagpapalala ng krisis sa klima.

Sa isang press conference na inorganisa ng Greenpeace Philippines (Greenpeace) at Legal Rights and Natural Resources Center (LRNRC), inihayag ng mga Pilipinong nakaligtas na magsusumite sila ng unang kaso na may kaugnayan sa klima at pinsala sa personal na ari-arian sa ganitong sukatan laban sa Shell.

Ang Greenpeace at LRNRC ay kalahok sa isang kampanya upang himukin ang suporta para sa mga komunidad ng Pilipino na nananawagan ng pananagutan sa klima.

Ang mga naghahabol, karamihan ay mula sa mga lalawigan ng Cebu at Bohol, ay mag-aaplay ng batas ng Pilipinas sa mga paglilitis sa mga hukuman sa Britanya.

Isasampa ang kaso para sa 67 Pilipino na nawalan ng mga miyembro ng pamilya, malubhang nasugatan, o nawalan ng kanilang mga tahanan sa nakapinsalang bagyo na tumama sa Pilipinas noong Disyembre 16, 2021.

Sinabi ni Jefferson Chua, tagapagkampanya ng klima ng Greenpeace, na nais nilang ilahad ang kaso sa tamang perspektibo kung paano dapat makamit ang katarungang pangklima.

Sinabi ni Chua na ito ay isang makasaysayang kaso mula sa Global South para sa mga pinsalang pangkalikasan na hindi masusukat.

Sinabi ni Greg Lascelles, kasosyo sa Hausfeld Legal Team, na "Layunin ng kaso na panagutin ang Shell para sa aming mga kliyenteng Pilipino. Sa pamamagitan ng pagpapakita sa korte na ang Shell ang may sala sa matinding kaganapan ng panahon na dulot ng pagbabago ng klima at ang pagdurusa na idinulot nito, binibigyang-diin ng kaso ang malawak at direktang epekto sa mga marupok

na komunidad sa buong mundo mula sa mga gawain ng mga kumpanya ng langis at gas."

Sinabi naman ni Atty. Ryan Roset, senior legal fellow ng LRNRC, na "Ang mga bansa na pinakamaliit ang naiambag sa pagbabago ng klima ang pinakaapektado; mas lalo pang lumalala ang epekto lalo na sa mga pinakamarupok na komunidad." Idinagdag ni Vasquez, "Pinatindi ng kanilang kasakiman ang krisis sa klima at sinira ang mga buhay, kabuhayan, at kinabukasan."

"Buong puso nilang sinusuportahan ng Commission on Human Rights ang mga nakaligtas ng Super Typhoon Odette sa paghahanap ng legal na lunas upang makamit ang mabisang remedyo sa ngalan ng katarungang pangkalikasan," ayon sa pahayag ng CHR.

Si Bishop Gerry Alminaza, dating Pangulo ng Caritas Philippines, sa isang mensahe sa video, ay nagsabing buong pusong sinusuportahan niya ang kaso laban sa Shell para sa mga pagkamatay at pagkasira ng kapaligiran, na dapat gawing pag-asa at pamumuhunan para sa hinaharap.

Ang kaso ay humuhugot sa bagong pananaliksik sa atribusyon ng klima na natuklasan na ang pagbabago ng klima na dulot ng tao ay higit na nagdoble ng posibilidad ng isang matinding kalamidad sa panahon tulad ng Super Typhoon Odette, na pumatay sa 405 katao, nagtamo ng pinsala sa higit sa 1,400 at nagdulot ng hindi bababa sa P47.8 bilyon na pinsala sa Pilipinas.

Ang pananagutan ng mga nakibahagi, at kumita ng higit mula sa katakutang pangkalikasan na ito ay matagal nang nararapat," dagdag ni Atty. Roset.

Sinabi ni Estela Vasquez, tagapag-ugnay ng Philippine Movement for Climate Justice Visayas, "Ang aming panawagan para sa reparasyon mula sa mayayamang bansa at korporasyong polusyon tulad ng Shell ay bahagi

Kelot na nagpaputok ng baril, timbog sa Bacoor City

Timbog ang malaking nagpaputok ng baril dahil sa maagap na pagresponde ng pulisya kamakailan sa Bacoor City, Cavite.

Ang suspek na si alyas Arth ay naaresto ng mga tauhan ng Bacoor Component City Police Station dakong alas-5:00 ng hapon nitong Oktubre 19.

Una rito, ang suspek at mga kasama nito ay nag-iinuman na umano'y nagdulot ng kaguluhan at ingay sa publiko.

Kasunod nito ay nagpaputok ng baril si Arth subalit mabilis na

rumesponde ang mga awtoridad.

Nabatid na tinangka pa umanong tumakas ni Arth gayunman ay naaresto rin. Sa pagkakaaresto kay Arth ay nakumpiska sa kanya ang isang kalibre 9mm CZ P-09 pistol, isang magazine para sa 9mm, labing-isang bala ng 9mm, at dalawang basyo ng bala at naharap sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 o Illegal Possession of Firearm and Ammunition.

Bukod kay Arth ay arestado rin ang lima nitong kasama na kinasuhan ng alarms and scandal.

May kasong estafa, naaresto sa Mindoro ng Magallanes MPS

NAARESTO ng mga tauhan Magallanes Municipal Police Station ang wanted na may kasong estafa kamakailan sa Lubang, Occidental Mindoro.

Ang akusadong si alyas Mac, na residente ng Tarlac City, ay naaresto dakong alas-7:30 ng gabi nitong Oktubre 21.

Ang pagkakaaresto ay sa bisa ng warrant of arrest

na inilabas ng Municipal Trial Court, Branch 2 sa Tarlac City para sa kasong swindling (estafa) na may itinakdang piyansa sa halagang P18,000.00.

Isinagawa ang matagumpay na operasyon ng kapulisan ng Magallanes katuwang ang Lubang MPS gamit ang Alternative Recording Device.

OVP RELIEF OPERATIONS PARA SA MGA PAMILYANG APEKTADO NG ARMADONG SAGUPAAN SA KIDAPAWAN CITY

Matapos ang insidente ng armadong sagupaan sa Barangay Malinan, Kidapawan City nitong October 17, 2025, agad na tumugon ang Office of the Vice President- Disaster Operations Center (OVP-DOC) at OVP - Southern Mindanao Satellite Office upang makapaghatid ng tulong sa mga pamilyang lumikas.

Nabigyan ng relief assistance ang kabuuang 154 pamilya na pansamantalang nanunuluyan sa Barangay Amas Covered Court at Sitio Balite, Barangay Malinan.

Ang operasyon ay naisakatuparan sa tulong ng LGU Kidapawan, CSWDO, CHO, CIO,

lamang ng kanilang utang para sa kanilang mga karumal-dumal na gawain kaugnay ng pagbabago ng klima."

Dagdag-pondo para sa housing aid ng mga pamilyang biktima ng kalamidad, suportado ni Cayetano

Suportado ni Senate Minority Leader Alan Peter Cayetano ang panawagan ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) na dagdagan ang pondo para sa Integrated Disaster Shelter Assistance Program (IDSAP) upang matulungan ang mga pamilyang nasiraan ng bahay dahil sa mga sunod-sunod na kalamidad.

Sa Senate briefing ng ahensya para sa panukalang 2026 budget nitong October 15, sinabi ng DHSUD na humingi ito ng P4 bilyon para sa programa pero P412 milyon lang ang inaprubahan sa National Expenditure Program.

Sa ilalim ng IDSAP, tumatanggap ng P10,000 ang mga pamilyang bahagyang nasira ang tahanan at P30,000 naman kung totally damaged.

Ayon kay Cayetano, n a n a n a t i l i n g pinakamahinang bahagi ng disaster response ng Pilipinas ang rehabilitasyon.

Giit niya, kailangang palaging may kasunod na maayos na rehabilitasyon ang relief efforts. "Medyo magaling na tayo sa relief but medyo mabagal talaga tayo sa rehabilitation," sabi niya. "In fact, 'pag may nangyaring bagong kalamidad, nakakalimutan na natin y'ung dati."

Bilang pang-matagalanag

solusyon, muling nanawagan si Cayetano na magtatag ng Emergency Response Department na tututok lamang sa disaster response at rehabilitasyon para masigurong may pananagutan at tuloy-tuloy ang pagtugon ng gobyerno sa mga sakuna.

"Kailangan po ng isang departamento na walang ibang ginagawa kundi relief at rehab," ani Cayetano. "Ang kalamidad po ba, ang sunog, ang bagyo, ang lindol, eto po ba ay tumitigil? Hindi. Pero ang mga

departamento, hilong-hilo na rin sa kaka-multitasking." Kasabay nito, hinikayat din ng senador ang pamahalaan na tiyakin ang transparency at efficiency sa paggamit ng pondo ng IDSAP at iba pang disaster-related programs upang siguraduhing napupunta ito sa mga tunay na biktima ng kalamidad.

"We need a department na may isang natuturo, may isang pong accountable, at isa pong nakatutok talaga d'yan," dagdag niya.

Bebot na wanted 'nadakma' ng pulis-'Dasma' sa Calamba

ARESTADO ang babaing wanted sa matagumpay na operasyong isinagawa ng warrant personnel ng Dasmariñas City Component Police Station kamakailan sa Calamba City, Laguna.

Ang akusadong si alyas Karen, residente ng Dasmariñas City, Cavite, at nakalista bilang Regional Level Most Wanted Person, ay nadakip dakong alas-5:00 ng hapon nitong Oktubre 21.

Inihain kay Karen ang warrant of arrest na inilabas nitong Oktubre 1 ng Regional Trial Court, Branch 12.

May itinakdang piyansa sa halagang P120,000.00 para sa isang kaso subalit walang piyansa ang isa.

Isinagawa ng kapulisan ang operasyon gamit ang Body Worn Camera at Alternative Recording Device.

DOH PINALAKAS ANG PEER SUPPORT GROUPS AT PANAWAGAN PARA SA PAG-IWAS SA INFLUENZA-LIKE ILLNESSES SA MGA ESKWELAHAN

Alinsunod sa mandato ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na mas patatagin ang serbisyo para sa mental health ng mga kabataan, isinulong ng DOH ang Peer Support Groups Playbook Program sa mga estudyante ng Cavite National High School kaninang umaga. Binigyang-diin dito ang pagpapalakas ng peer

support groups para sa mental health ng kabataan, lalo na sa gitna ng mga kalamidad at umiikot na sakit.

Inilunsad din ng DOH ang kampanyang "Trangkaso Bye-Bye!" upang pag-igtingin ang panawagan sa mga eskwelahan na iwasan ang influenza-like illness (ILI).PIA Cavite fb Oct 21/

Editorial

Kahit walang testigo

IBA'T ibang pananaw sa pagsasabing kung sino ba ang karapat-dapat na maikokonsiderang pangunahing testigo para sa imbestigasyon ng maanomalyang flood control project. Contractor nga ba, opisyal ng gobyerno partikular ng Department of Public Works and Highway, o mambabatas? Isang katanungan sa maraming Juan dela Cruz ay kung mahirap bang imbestigahan ang nasabing anomalya at sadyang kailangan pa ng testigo.

Sa isipan at paniniwala ng nakararaming Pinoy na madali lamang suriin o siyasatin ang kasong ito kung tunay na diretso lamang ang pag-iimbestiga. Kung totoo na walang sasantuhin o sisinuhin at sadyang nakahandang sagasaan ang lahat o sino man na nasasangkot ay maisasagawa ang diwa ng imbestigasyon. Kahit walang aaktong testigo basta patas at malinis na imbestigasyon para sa isipan ng maraming Juan dela Cruz ay maigagawad ang mga kaso sa karapat-dapat na sangkot sa nasabing anomalya. Tila bigo sina Juan dela Cruz na ito ay matatamo.

Turning Tables: A Working Student's Journey from the Production Floor to Magna Cum Laude

Porac, Pampanga — In a moment filled with pride and emotion, 25-year-old Kenneth Calma, a production employee at Meken Food Corporation, graduated Magna Cum Laude with a degree in Bachelor of Science in Elementary Education from Pampanga State University last August 12. But behind the medal and the applause is a story of grit, sacrifice, and unwavering love for family. For Kenneth, earning a college diploma was not just a personal dream—it was also the dream of his entire family. Born and raised in Balubad, Porac, he is the son of Rosito and Reyna Calma, a barangay tanod and a devoted housewife. Growing up in a household

with eight siblings, life was never easy. But it was always filled with hope. Kenneth's siblings worked tirelessly to support the family. Linuel and Genesis served as house boys for Meken's Executive Officers, Lito and Adrian Garcia. Merwin worked in the warehouse, while Jennica and Jivon joined the packaging crew. His brother Rosito, with the help of the Garcia family, graduated with a degree in Accountancy from Holy Angel University and became the family's breadwinner, until illness struck. While his twin brother, Kevin, was not able to finish his studies.

At a young age, Kenneth knew that the card he was dealt with was not easy. Yet, he never let that stop him. While still in Grade 12, he began working as an on-call worker at Meken, doing everything from sweeping warehouse floors to carrying goods and cleaning homes. He was determined to help, to contribute, and to dream. In 2020, Kenneth became a regular employee at Meken, working as a checker in the packaging section. Then he resigned in 2021 at the height of the COVID-19 pandemic, but he continued part-time work in the warehouse while enrolling at Don Honorio Ventura State University (now Pampanga State University) to pursue a degree in Elementary Education. In 2023, he reapplied and returned to Meken as a production worker.

His days were long and his nights even longer. Kenneth worked from 6 PM to 2:30 AM, often extending his shift just to earn a little more for tuition. After a few hours of sleep, he would go to school from 7 AM to 4 PM. The exhaustion was real, he often fell asleep in class, but his teachers understood. He was excelling, despite the odds.

There were moments of doubt, even depression. Kenneth admitted that he initially kept his studies a secret from his supervisor, afraid of losing the job he loved. But he held on, driven by a promise to himself and to his mother, who always dreamed of having a teacher in the family.

With tears in his eyes, Kenneth shared, "Wala po lahat ng ito kung wala yung nanay ko at pamilya ko. Lahat ng ginagawa ko ay para sa kanila. Gusto ko baguhin yung cycle ng buhay namin para mabago ang buhay namin."

And he did. With years of hard work, sleepless nights, and relentless determination, Kenneth graduated Magna Cum Laude. His achievement is not just his—it belongs to his family, his community, and to Meken, which stood by him through it all.

Meken played a vital role in Kenneth's journey—not just as an employer, but as a support system. From the production floor to the executive offices, Kenneth and his siblings found opportunities, mentorship, and encouragement.

The company's culture of compassion and community upliftment was instrumental in helping him pursue his education.

"Sobrang thankful po ako. Kung wala ang Meken, baka hindi po ako nakapagtapos ng pag-aaral. Malaking impact po iyon sa buhay ko at tinatanawan ko ng malaking utang na loob ang Meken," he said.

Pruds Garcia, President of Meken, shared his thoughts on Kenneth's achievement, "Kenneth's story is a testament to the power of perseverance and the value of community. At Meken, we believe in giving people not just jobs, but opportunities to grow and transform their lives. We are proud to have been part of Kenneth's journey."

He added, "Ang tagumpay ni Kenneth ay tagumpay ng bawat Meken employee na nangangarap. We celebrate not just his academic success, but the courage it took to pursue it."

To those who feel like the "last card" who dreams of changing the fate of their family, Kenneth offers this message:

"Kung gusto mo talaga yung isang bagay, paghihirapan mo 'yon. Habang bata ka, kailangan mag-aral ka. Hindi habang buhay malakas tayo."

So, if you are reading this and carrying the weight of your dreams and your family's hopes—keep going. Like Kenneth, you too can turn the tables. You too can rise.

Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

'Isang Kaibigan Ko'

Matagal na kitang kilala, Kaibigan kita, Ngunit hanggang dito na lang ba tayo? Mahal na kita noon pa man, Kaibigan kita, Pero babe, hanggang dito na lang ba tayo? Sinasabi mo sa akin ang mga bagay na hindi ko pa alam. But then again, kapag umiiyak ka, Lagi akong nasa tabi mo

Ikwentto mo sa akin 'yung pagmamahal na meron ka, Sabik na sabik akong nakikinig. Pero deep inside hindi mo na makikita, Ang pakiramdam ng kawalan ng laman, Nakakalungkot ito.

Kilala kita sa buong buhay ko, Kaibigan kita, Alam kong ganito ang mangyayari, Minahal kita noon at mahal pa rin kita Nakakalungkot ito, Ngunit pagkatapos ay muli, At muli, At muli, natutuwa ako.

Ilan lamang ito sa bahagi na medyo isinalin ko sa tagalog ng kanta na inawit ng

mahusay na si Odette Quesada 'A Friend of Mine.'

Habang naririnig ko ang magandang awiting ito ay mananatili kang buhay dahil noong ikaw ay narito pa sa mundong ibabaw ay hindi ka nakakalimot sa pagkanta nito. Hindi lang basta kaibigan Blessie dahil ang umusbong na pagmamahalan ay nagkaroon ng mga bunga.

Madaling kumuha ng kasama o tropa subalit napakahirap ang makatagpo ng kaibigan.

Isang kaibigan mo Blessie na aking nasaksihan at napatunayan sa napakaraming pagkakataon sa katauhan ni Ethel ay masasabi ko rin na isang kaibigan ko.

Mapalad ang sino man na mayroong kaibigan na tunay at tapat na walang kaplastikan o pagbabalat-kayo.



From production floor to academic honors: Kenneth Calma, a dedicated production worker at Meken Food Corporation, graduates Magna Cum Laude from Pampanga State University batch 2025.

HANEP

Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS

Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES

Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927
Website: <https://hanep.net>

Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: **Publishers Association of the Philippines, Inc.**

Papi

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
NAIC, CAVITE
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

PHILIPPINE BUSINESS BANK, INC.
Petitioner- Mortgagee,

FNC-2025-109

-versus-

SPS. ALEX IBASCO LIM and ANNA WU,
Respondents-Mortgagors

X ----- X

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Whereas, upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act No. 3135, as amended by Act 4118, filed by **PHILIPPINE BUSINESS BANK, INC.** Mortgagee, with office address at 350 RIZAL AVE. COR. 8TH AVE., GRACEPARK, CALOOCAN CITY, against **SPS. ALEX IBASCO LIM and ANNA WU** with postal address at LOTS 33 AND 35 BLOCK 2, 9TH STREET, CERCA DELA PARADISA SUBDIVISION, BARANGAY SABANG, NAIC, CAVITE 4110, to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 27, 2025 amounts to **TWO MILLION SEVEN HUNDRED FIFTEEN THOUSAND SIX HUNDRED FORTY FIVE PESOS & 02/100 (P2,715,645.02)**, Philippine Currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on **November 25, 2025 at 9:00 o'clock in the morning** or soon thereafter at the Regional Trial Court, Naic, Cavite, to the highest bidder in CASH or MANAGER'S CHECK and in Philippine Currency the property with all the improvements existing thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF
TITLE NO. 057-2018036149

IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BARANGAY OF SABANG, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, *bounded and described as follows:*

LOT NO: 33 BLOCK NO: 2 PLAN NO: PCS-04-029373
PORTION OF: LOTS 1 TO 25 BLOCK 1, LOTS 1 TO 27 & 29 BLOCK 2,
LOTS 1 TO 13, 15, 17 TO 23 & 25 TO 27 BLOCK 3,
LOTS 1 TO 21, 23 TO 25 & 55 BLOCK 4, LOTS 1 TO 10 BLOCK 5,

TECHNICAL DESCRIPTION *(Continued from page 1)*
LOTS 1 TO 10 BLOCK 6, ROAD LOT 1, 3 TO 6 PCS-04-005536,
LOTS 1 & 6, PCS-04-027389 & LOTS 1 TO 3 & 15 TO 18 PCS-019353

LOCATION: BARANGAY OF SABANG, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

BOUNDARIES:

LINE	DIRECTION	ADJOINING LOT(S)
1-2	NW	LOT 32, BLOCK 2, PCS-04-029373
2-3	NW	LOT 34, BLOCK 2, PCS-04-029373
3-4	NE	LOT 35, BLOCK 2, PCS-04-029373
4-5	SE	ROAD LOT 2, PCS-04-029373
5-1	SW	LOT 31, BLOCK 2, PCS-04-029373

TIE POINT: MON. # 20, NAIC ESTATE

LINE	BEARING	DISTANCE
TO CORNER 1	S. 54° 01' E	2532.55 M.
1-2	N. 55° 33' E	7.75 M.
2-3	N. 55° 33' E	1.28 M.
3-4	S. 34° 42' E	19.96 M.
4-5	S. 55° 28' W	8.99 M.
5-1	N. 34° 47' W	19.97 M.

AREA: ONE HUNDRED EIGHTY SQUARE METERS (180), MORE OR LESS

TRANSFER CERTIFICATE OF
TITLE NO. 057-2018036148

IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BARANGAY OF SABANG, MUNICIPALITY OF NAIC,

The long-anticipated interoperability of expressways operated by SMC Infrastructure and Metro Pacific Tollways Corp. throughout Luzon is now complete, with both firms officially launching the One RFID program Tuesday in Calamba, in ceremonies attended by President Ferdinand Marcos, Jr. "Bongbong" "We are proud to announce the successful completion of interoperability between our electronic toll collection (ETC) systems, Autosweep and Easytrip. This latest feature will directly benefit motorists

PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, *bounded and described as follows:*

LOT NO: 35 BLOCK NO: 2 PLAN NO: PCS-04-029373
PORTION OF: LOTS 1 TO 25 BLOCK 1, LOTS 1 TO 27 & 29 BLOCK 2,
LOTS 1 TO 13, 15, 17 TO 23 & 25 TO 27 BLOCK 3,
LOTS 1 TO 21, 23 TO 25 & 55 BLOCK 4, LOTS 1 TO 10 BLOCK 5, *(Continued on next page)*

TECHNICAL DESCRIPTION *(Continued from page 1)*
LOTS 1 TO 10 BLOCK 6, ROAD LOT 1, 3 TO 6 PCS-04-005536,
LOTS 1 & 6, PCS-04-027389 & LOTS 1 TO 3 & 15 TO 18 PCS-019353

LOCATION: BARANGAY OF SABANG, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

BOUNDARIES:

LINE	DIRECTION	ADJOINING LOT(S)
1-2	NE	LOT 37, BLOCK 2, PCS-04-029373
2-3	SE	ROAD LOT 2, PCS-04-029373
3-4	SW	LOT 33, BLOCK 2, PCS-04-029373
4-5	NW	LOT 34, BLOCK 2, PCS-04-029373

TIE POINT: MON. # 20, NAIC ESTATE

LINE	BEARING	DISTANCE
TO CORNER 1	S. 54° 21' E	2537.85 M.
1-2	S. 34° 39' E	19.97 M.
2-3	S. 55° 28' W	6.71 M.
3-4	N. 34° 42' W	19.96 M.
4-1	N. 55° 23' E	6.72 M.

AREA: ONE HUNDRED THIRTY FOUR SQUARE METERS (134), MORE OR LESS

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 2, 2025** at the same time and at the same place mentioned above without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title to the said property and the encumbrance thereon, if any there be.

Municipality of Naic, Province of Cavite, October 1, 2025

(Sgd)
JANELLE V. LAGADON, MBA
Sheriff IV

Copy Furnished:

PHILIPPINE BUSINESS BANK, INC.
350 RIZAL AVE. COR. 8TH AVE., GRACEPARK, CALOOCAN CITY

SPS. ALEX IBASCO LIM and ANNA WU
LOTS 33 AND 35 BLOCK 2, 9TH STREET, CERCA DELA PARADISA SUBDIVISION, BARANGAY SABANG, NAIC, CAVITE 4110

LEONARDO C. BOOL, *Counsel for the Petitioner*
350 RIZAL AVE. COR. 8TH AVE., GRACEPARK, CALOOCAN CITY

Publication: HANEP October 27, November 3 & 10, 2025

SMC INFRASTRUCTURE, METRO PACIFIC TOLLWAYS;
COMPLETE INTEROPERABILITY OF LUZON EXPRESSWAYS

who will register for a new ETC account, as they will only need one radio frequency identification (RFID) and account to travel seamlessly across the Luzon expressway network," both companies said in a joint statement. The One RFID program covers all toll roads in Luzon such as Tarlac-Pangasinan-La Union Expressway (TPLEX), Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX), North Luzon Expressway (NLEX), NLEX Connector, Skyway System,

NAIA Expressway, Manila-Cavite Expressway (Cavite), Cavite-C5 Link, Muntinlupa-Cavite Expressway (MCX), Cavite-Laguna Expressway (CALAX), South Luzon Expressway (SLEX), and the STAR Tollway.

Registering for the One RFID program is optional. Motorists with existing, separate Autosweep and Easytrip RFIDs and accounts may choose to join the toll interoperability program, but those who choose to maintain two separate RFID accounts, may also do so, the companies said.

This project was initiated by government through the Department of Transportation (DOTr) and the Toll Regulatory Board (TRB), in line with their mandate to improve the efficiency of the country's expressway network.

The private operators had been working closely with government over the years, to make the vision of toll interoperability a reality.

"The road to One RFID was not easy, as it required extensive work on the part of all stakeholders. Both ETC providers made significant upgrades to their existing

infrastructure to integrate their systems, while conducting rigorous testing to ensure smooth and seamless interoperability," the firms said. With the completion of the interoperability project, the expressway operators said their focus will now be on roll-out—making registration to the One RFID program more convenient and accessible—as well as continuous improvements to the system, to ensure overall better experience at the expressways for motorists.

"We express our gratitude to the leadership of the DOTR led by Secretary Giovanni Z. Lopez and TRB Executive Director Jose Arturo M. Tugade for their steady hands in steering this project towards the finish line. Their valuable guidance helped us navigate the existing regulatory environment, which simplified settlement mechanisms, so that motorists can enjoy a smooth and secure experience," the companies said.

The tollway operators expressed their continued commitment to support government initiatives, invest in world-class systems, and

CALABARZON September 2025
inflation recorded at 2.4 percent

LIPA CITY, Batangas – The Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON reported the September 2025 inflation in the region during an online press conference on 15 October 2025. Regional Director Charito C. Armonia announced that the region's inflation rate in September 2025 remained at 2.4 percent. This figure is 0.6 percentage point higher than the 1.8 percent posted in August 2024. Additionally, the average inflation from January to September 2025 was recorded at 2.1 percent. A faster increase in prices for Food and Non-Alcoholic Beverages commodity group—averaging at 2.9 percent—contributed to the acceleration in the overall inflation rate (IR) with 41.0 percent share. It was followed by Housing, Water, Electricity, Gas and Other Fuels (2.3 percent IR and 19.1 percent share) and Restaurants and Accommodation Services (2.5 percent IR and 12.7 percent share).

Compared to previous month's inflation, Food groups in CALABARZON that incurred increments in IR include Flour, bread and other bakery products, pasta products and other cereals at 1.3 percent (from 1.2 percent); Oils and fats at 18.6 percent (from 18.3 percent); Vegetables, tubers, cooking bananas, etc. at 22.7 percent (from 10.5 percent); and Ready-made food and

other food products n.e.c. at 2.4 percent (from 2.3 percent). On the other hand, Food groups that incurred lower increase in prices include Corn at 10.5 percent inflation (from 10.6 percent); Meat and other parts of slaughtered land animals at 7.7 percent inflation (from 9.4 percent); Fish and other seafood at 7.1 percent inflation (from 8.6 percent); and Milk, other dairy products and eggs at 1.3 percent inflation (from 2.5 percent).

Meanwhile, Sugar, confectionery and desserts recorded a 0.1 percent inflation from previous month's negative inflation. Food groups like Rice showed a decrease in prices at -13.3 percent inflation (from -13.3 percent) and Fruits and nuts at -2.2 percent inflation (from 5.2 percent).

Compared to August 2025, inflation rate in September 2025 increased in Rizal (from 2.8 percent to 2.9 percent). Meanwhile, overall price increase slowed down in the areas of Batangas (from 1.0 percent to 0.9 percent), Laguna (from 2.2 percent to 2.1 percent), Quezon (from 2.3 percent to 2.1 percent), and Lucena City (from 1.0 percent to 0.6 percent). Moreover, the province of Cavite maintained its inflation rate at 3.0 percent. The purchasing power of peso (PPP) in the region was recorded at 77 centavos in September 2025, compared to its value in 2018 (base year).

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
NAIC, CAVITE
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF),
Petitioner-Mortgagee,

-versus-

FNC-2022-142

CECILLE R. LEAÑO,
Respondents-Mortgagors.
x-----x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

WHEREAS, upon extra-Judicial Petition for Sale under Act No.3135, as amended by Act No. 4118 filed by HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF), Mortgagee, with postal address at the Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City against CECILLE R. LEAÑO, Mortgagors with postal address at 530 ST. FRANCIS SUBD., SAN JUAN I, GEN TRIAS CAVITE, to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 26, 2022 amounted to FOUR HUNDRED FORTY SIX THOUSAND ONE HUNDRED NINETY FOUR PESOS & 86/100 (P 446,194.86) Philippine currency, excluding penalties, Attorney's Fees and expenses of the foreclosure, the undersigned authorized Sheriff IV, will sell at public auction on November 11, 2025 at 9:00 in the morning or soon thereafter at the Regional Trial Court Naic, Cavite, to the highest bidder in CASH or in MANAGER'S CHECK and in Philippine Currency the property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF
TITLE NO. 057-2019010268

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

LOT NO: 15, BLOCK NO: 20, PLAN NO: PCS-04-031172
PORTION OF: CONS-SUBD. OF LOTS 2977 & 2978,
FLS-986-D, NAIC ESTATE (VS-04-000597)
LOCATION: BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY
OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON
BOUNDARIES:
LINE DIRECTION ADJOINING LOT(S)
1-2 SW LOT 4, BLOCK 20, PCS-04-031172
2-3 NW LOT 14, BLOCK 20, PCS-04-031172
3-4 NE ROAD LOT 3, PCS-04-031172
4-1 SE LOT 16, BLOCK 20, PCS-04-031172

TIE POINT: MON. NO. 17, NAIC ESTATE, PROVINCE OF CAVITE

LINE	BEARING	DISTANCE
TO CORNER 1	S. 48 ° 17' E	1816.15 M.
1-2	N. 41 ° 25' W	3.50 M.
2-3	N. 48 ° 35' E	8.00 M.
3-4	S. 41 ° 25' E	3.50 M.
4-1	S. 48 ° 35' W	8.00 M.

AREA: TWENTY EIGHT SQUARE METERS (28), MORE OR LESS

Prospective bidders So the encumbrance existing thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on November 18, 2025 at the same time and at the same place mentioned above without further notice

Municipality of Naic, Province of Cavite, October 1, 2025.

JANELLE V. LAGADON, MBA
Sheriff IV

Copy Furnished:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF)

Matagumpay na Lakbay Aral ng CARD Bank sa Oriental Mindoro

Calapan, Oriental Mindoro – Sa kabila ng pananalasa ng Bagyong Opong na tumama sa probinsya, matagumpay na naisagawa ng CARD Bank ang Lakbay Aral sa Oriental Mindoro na dinaluhan ng mga miyembro ng media at kinatawan ng iba’t ibang kumpanya sa ilalim ng CARD MRI.

Sa isang press briefing, ipinaliwanag ni Mr. Jeffrey Tandingan, Head ng CARD MRI Publishing House ang misyon at mga kumpanyang kabilang sa CARD MRI. Isa-isa niya itong ipinakilala bilang bahagi ng mas malawak na layunin ng organisasyon na palawakin ang kaalaman tungkol sa kanilang mga programa at serbisyo. Ayon kay Ms. Myrtle Angel, Area Manager ng CARD Inc., patuloy ang kanilang adbokasiya na bigyan ng puhunan at pagsasanay ang mga kababaihan, partikular ang mga nanay, upang sila ay ma-empower at makapagsimula ng negosyo.

Dagdag pa niya, lingguhan ang pagpupulong ng mga miyembro upang maghulog ng bayad at

